# Paraan ng Paghihiwalay・Pagtatapon at Pag-Recycle ng Basura sa Tahanan (Yamato-Shi)

2025.12

Para sa mga Katanungan: Yamato City Environmental Management Center, Resource Circulation Promotion Section. Telephone Number: 269-1511(Pakiusap na makipag-usap sa wikang Japanese/Nihongo)

## Tungkol sa Itinakdang May Bayad na Supot ng Basura sa Tahanan

- 「Nabubulok/Nasusunog」at「Hindi Nabubulok/Nasusunog」na basura ay hindi maaaring ilabas kung hindi gagamit ng may bayad na supot na itinakda ng lungsod.

Presyo at Laki ng May Bayad na Supot

1Set（10Piraso）

| | |
|---|---|
| 5 Liter Plastic | 80 Yen |
| 10 Liter Plastic | 160 Yen |
| 20 Liter Plastic | 320 Yen |
| 30 Liter Plastic | 480 Yen |
| 40 Liter Plastic | 640 Yen |

ng Basura na Itinakda ng lungsod ay mabibili sa mga tindahang may ganitong marka..




- Ang mga Recyclable ay maaaring ilabas ng libre.


## Paraan ng Pagtatapon ng Nabubulok/Nasusunog na Basura: Kinokolekta ng 2 beses sa isang linggo(Ang araw ng koleksyon ay nakadepende sa inyong lugar.)

Paraan ng Pagtatapon: **Ilagay sa loob ng itinakdang may bayad na supot ng basura.**

Para sa mga nakatira sa Detached House: Ilabas ito sa bahagi ng inyong bakuran na nakaharap sa kalsada bago mag-alas 8 ng umaga.

Para sa mga nakatira sa Apartment o Condominium: Ilabas ito sa itinakdang lugar sa loob ng compound/building bago mag-alas 8 ng umaga.


**Halimbawa**



Basura mula sa kusina (balat ng prutas, tira-tirang pagkain)



Maruming tela o basahan



Litrato, tisyu, at iba pang papel na hindi pwedeng i-resiklo



Bag at Sapatos



Stuffed toys(mga manika) at unan/cushion




Mga produktong gawa sa plastik (maliban sa “Plastic Containers/Packaging”)

**Exception: Ang mga paper diapers(lampin), sanga (hanggang 3 bigkis/tali), at damo/dahon (hanggang 3 supot gamit ang malinaw o semi-transparent na supot) ay Libre.**


Dahon, Damo



Sanga




Paper Diapers (Lampin)



Ilagay sa malinaw o semi-transparent na supot at itali ang dulog
(Para sa mga katanungan tungkol sa pagtatapon, makipag-ugnayan sa Resource Circulation Promotion Section. Pakiusap na makipag-usap sa wikang Japanese/Nihongo)

## Paraan ng Pagtatapon ng Hindi Nasusunog/Nabubulok na Basura: Kinokolekta ng 2 beses sa isang buwan(Ang araw ng koleksyon ay nakadepende sa inyong lugar).

Paraan ng Pagtatapon: **Ilagay sa loob ng itinakdang may bayad na supot ng basura**


Detached House: Ilabas ito sa bahagi ng inyong bakuran na nakaharap sa kalsada bago mag-alas 8 ng umaga

Apartment/Condo: Ilabas ito sa itinakdang lugar sa loob ng compound/building bago mag-alas 8 ng umaga.

**Halimbawa**



Mga gamit sa pagkain, Seramika at boteng kulay-gatas(Milky-white bottles)



Maliliit na Kagamitang de kuryente



Maliit na piraso ng Metal, Takip ng Lata, atbp




Gunting, Kutsilyo




Salamin

Exception：Pakiusap na ilagay sa malinaw(Transparent) o semi-transparent na supot. Ito ay Libre

Disposable Lighter




Dry Cell Batteries(Baterya)




※Paki-insulate: lagyan ng tape ang magkabilang dulo upang hindi mag-spark o magdulot ng sunog.


Fluorescent



Mercury Thermometer



Light Bulb



Kung ang ilalabas mo lamang ay ang mga “Exception items”, ilagay ito sa paraang madaling makita o mapansin ng kolektor.




## Recyclable(Mga Bagay na may markang ♻):Kinokolekta 1 Beses/Week（Ang araw ay nakadepende sa inyong lugar

**Paraan ng Pagtatapon: Libreng ilabas.**

♻ Hugasan o tanggalin ang dumi ng mga bagay na may marka, ilagay sa malinaw o semi-transparent na supot, at dalhin sa Recycle Station bago mag-alas 8:30 ng umaga.



Lalagyan ng Shampoo at Conditioner/Rinse



Label at Takip (Cap) ng PET Bottle



Packing materials at Styrofoam/Cushioning ng mga appliances



Lalagyan ng Mayonnaise at Ketchup




Lalagyan ng Cup Noodles/Ramen



Plastik na lalagyan/tray ng mga chichirya

Kahit gawa sa plastik, mga bagay na HINDI pwedeng ilabas bilang Recyclable

Mga Recyclable na hindi tinanggalan ng dumi o nilinisan




Kung huhugasan at lilinisin, pwede itong ilabas

Mga Produktong Plastik(palanggana, balde, video tape, CD, mga laruang plastik, atbp.)




Mga Produktong may halong ibang materyales tulad ng Metal(ballpen, stapler, hanger, atbp.)
Kung mas marami ang plastik: Itapon sa nasusunog/nabubulog na Basura. Kung mas marami ang metal: Itapon sa Hindi Nasusunog/Nabubulok na Basura.




## Recyclable A (Papel, Tela): Kinokolekta ng 2 beses sa isang buwan (Ang araw ay nakadepende sa inyong lugar).

Paraan ng Pagtatapon: Libreng ilabas. Itali nang maayos (gamit ang pisi/string) at dalhin sa Recycle Station bago mag-alas 8:30 ng umaga.


Dyaryo at Flyers




Cardboard (Karton)



Magazine, Libro, at iba pang Papel



Tela/Damit (Malinis na klase lang). Ang marurumi ay sa "Nasusunog na Basura"




※Huwag ilabas kapag umuulan.


## Recyclable B (Paper packs, Bote, Lata, PET bottles, atbp.): Kinokolekta ng 2 beses sa isang buwan (Ang araw ay nakadepende sa inyong lugar).

Paraan ng Pagtatapon: Libreng ilabas. Hugasan nang mabuti at dalhin sa Recycle Station bago mag-alas 8:30 ng umaga.


Paper Packs




Bote（Para sa inumin, pagkain, gamot na iniinom, at cosmetics lang）
※ng mga boteng kulay-gatas (milky white) ay "Hindi Nasusunog na Basura"




Papel na pang-embalaje



PET Bottles（Para sa inumin, alak, mirin, at toyo/soy sauce lang）



White Tray (Mga styrofoam tray na Puti lamang)







Lata



## Malalaking Basura

- Ang Malalaking Basura, Muwebles at iba pang basura na hindi kasya sa may bayad na 40 Liter na supot ay may Bayad. Ang presyo ay magkakaiba, depende sa klase ng gamit.
  Paraan ng Pagtatapon：Tumawag at mag-apply sa Environmenta Management Center, Resource Circulation Promotion Section(Telephone Number: 269-1511) gamit ang wikang Japanese/Nihongo.
- Exception sa Malalaking Basura
  Ang mga sumusunod na bagay ay “Exception” at maaaring ilabas sa regular na araw ng koleksyon ng basura

| Mga bagay na maaaring ilabas nang tig-iisa gamit ang 40-liter na supot. | | 1 hanggang 5 piraso sa 20-liter na supot<br>6 hanggang 10 piraso sa 40-liter na supot | |
|---|---|---|---|
| Mga Bagay na maaaring isama sa paglabas ng Nasusunog/Nabubulok na Basura | Mga bagay na maaaring isama sa paglabas ng Hindi Nasusunog/Nabubulok na Basura. | Mga bagay na maaaring ilabas nang nakahiwalay base sa materyales (kung ito ay Nasusunog o Hindi Nasusunog).<br>※Mga pwedeng ilabas bilang Nasusunog: Mga gawa sa nasusunog na materyales. (Halimbawa: Gawa sa plastik, kahoy, carbon).<br>※Mga pwedeng ilabas bilang Hindi Nasusunog: Mga gawa sa hindi nasusunog na materyales. (Halimbawa: Gawa sa metal). | |
| Plastik na basurahan, Balde, Takip ng bathtub | Oven range, Microwave oven, Gas range (2 burners), Carry cart, Electric fan, Vacuum cleaner, Bisikleta / Unicycle / Tricycle na 16 inches pababa, Foldable stroller (natutupi na stroller). | Payong, Pamingwit, Tennis racket, Badminton racket, Baseball bat, bamboo sword, Walis (kasama ang tingting), Mop, Deck brush, Shovel, Tension rod, Floor wiper (tulad ng Quickle Wiper), Sticky roller na may mahabang hawakan, Golf club, Gateball stick, Ski poles, Tungkod. | |
|  |  |  |  |

## Mga Bagay na HINDI Kinokolekta ng Lungsod

- Telebisyon (Tube/CRT, LCD, Plasma, Organic EL), Refrigerator/Freezer, Aircon, Washing Machine, Clothes Dryer, at Computer ay may bayad.
  Para sa Katanungan：Yamato City Environmental Management Center, Resource Circulation Promotion Section. Telephone Number: 269-1511(Pakiusap na makipag-usap sa wikang Japanese/Nihongo)
- Ang pagtatapon ng Motorsiklo ay may bayad
  Para sa Katanungan：Motorcycle Recycling Call Center Telephone Number: 03-3598-8075(Pakiusap na makipag-usap sa wikang Japanese/Nihongo).
- Para sa mga lupa at bato, baterya (ng sasakyan), gulong, at fire extinguisher, pakiusap na ipagkatiwala ang pagtatapon sa mga espesyalistang kumpanya.
  Para sa Katanungan：Yamato City Environmental Management Center、Facilities Section.
  Telephone Number: 269-1522(Pakiusap na makipag-usap sa wikang Japanese/Nihongo)

## Pagdadala Mismo ng Basura at Recyclable

- Maaaring dalhin mismo ang basura para iproseso/itapon. Ang pagdadala nito ay may bayad.
  Para sa Katanungan：Yamato City Environmental Management Center、Facilities Section.
  Telephone Number: 269-1522(Pakiusap na makipag-usap sa wikang Japanese/Nihongo)
- Maaaring dalhin mismo ang mga recyclable para iproseso/itapon. Ang pagdadala nito ay libre.
  Para sa Katanungan：Yamato City Resource Sorting Center(Recycling Business Cooperative).
  Telephone Number：262-8865(Pakiusap na makipag-usap sa wikang Japanese/Nihongo)